Gabay ng California Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng Muling Pagdidistrito ng mga Mamamayan ng California)
Sa Muling Pagdididstrito at Proseso ng Pagdinig sa Input ng Publiko

1. **Ano ang muling pagdidistrito?**
   Bakit mahalaga ang muling pagdidistrito sa akin?
2. **Ano ang California Citizens Redistricting Commission?**
3. **Paano magpapasya ang Komisyon kung saan iguguhit ang mga linya?**
4. **Ano ang Voting Rights Act (Batas ng mga Karapatan ng Pagboto) at bakit ito mahalaga?**
5. **Ano ang Komunidad ng Interes?**
6. **Paano ako maaring mapasangkot?**
7. **Saan Ako Maaring Makakuha Ng Tulong Sa Paghahanda Ng Aking Katibayan sa Komisyon**
8. **Iskedyul ng Pagdinig ng Input ng Publiko**
9. **Mga Bagay na Madalas Itanong**
10. **Sino ang mga Komisyonado?**
11. **Ispesyal na mga Pasasalamat**

1. **Ano ang Muling Pagdidistrito?**

Bawa't sampung taon, ang sensus ay nagbibigay ng isang larawan ng kung gaano karaming mga tao ang nasa sa Estados Unidos at kung saan sila naninirahan.

Sa oras na aming mabatid kung gaano karaming mga tao ang naninirahan sa California, kami ay muling magdidistrito. Iyon ay, aming ginuguhit ang mga bagong linya ng distrito na naglalagay ng magkakaparehong dami ng mga tao sa bawa't pang-elektoral na distrito.

Ang muling pagdidistrito ay nagsisiguro na bawa't tao ay may magkakapantay na representasyon sa pamamagitan ng pagguhit ng mga distrito na may magkakatumbas na dami ng mga tao – isang tao, isang boto.

Bakit mahalaga ang muling pagdidistrito sa akin?

Ang isa sa pinakadakilang lakas na mayroon kayo ay ang karapatan na makapaghalal ng inyong sariling mga kinatawan upang isagawa ang tungkulin ng inyong pamahalaan. Ang paraan ng pagguhit ng mga hangganan ng distrito ay maaring makagawa ng pagkakaiba sa pagbibigay ng lakas at labis na kapakinabangan sa mga boses ng mga manghahalal o makapagpaliit at makapagpatahimik ng mga boses na iyon. Ang independent Citizens Redistricting Komisyon (Komisyon ng Muling Pagdidistrito ng Malayang mga Mamamayan) ay nakapangako na gumuhit ng makatarungang mga distrito na sumasalamin sa pinakamabuting interes ng mga tao, hindi ng kasalukuyang nanunungkulang mga partido ng pulitiko.

Ang pagsasalita tungkol sa inyong komunidad ay kritikal sa pagsisiguro na ang mga linya ng distrito ay iginuhit upang mapanatiling buo ang inyong komunidad at isinama sa kakadikit na mga komunidad na may magkaparehong mga interes. Sinisiguro nito na ang inyong boses ay narinig ng inyong inihalal na mga pinuno sa gayong mga desisyon na katulad ng kalidad ng paaralan ng inyong anak o kung gaano kataas ang inyong mga buwis.

2. **Ano ang California Citizens Redistricting Komisyon?**

Noong 2008 at 2010, ang mga botante ay nagpasa ng mga Proposisyon 11 at 20. Noong 2011, sa kauna-unahang pagkakataon sa California, ang 14-na kataong Komisyon ay guguhit ng mga mapa ng:

- 53 Kongresyunal na mga distrito (na may isang target na populasyon na 702,905)
- 40 Pang-Senadong mga distrito ng California (na may isang target na populasyon na 931,349)
- 80 Pang-Asembleyong mga distrito ng California (na may isang target na populasyon na 465,674)
- 4 na Lupon ng Pagpapareho (Board of Equalization) na mga distrito (na may isang target na populasyon na 9,313,489)

Ang Citizens Redistricting Komisyon ("ang Komisyon") ay nagpulong sa kauna-unahang pagkakataon noong Enero 2011. Sa tagsibol at tag-init, ang Komisyon ay magdaraos ng mga pagpupulong sa paligid ng California upang making sa mga residente na maglarawan ng kanilang mga komunidad, mga purok, at kung anong mga isyu ang mahalaga para sa kanila. Gagamitin ng Komisyon ang input ng publiko sa pagguguhit ng mga bagong mapa ng distrito. Ang Komisyon ay mayroon hanggang Agosto 15, 2011 upang mag-apruba ng kahuli-hulihang mga linya ng distrito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ginagawa ng Citizens Redistricting Komisyon, bisitahin ang opisyal na site:

www.wedrawthelines.ca.gov

3. **Paano magpapasya ang Komisyon tungkol sa paraan ng pagguhit ng mga linya ng distrito?**

Ang Konstitusyon ng California ang nagsasabi sa Komisyon kung ano ang dapat na isaalang-alang kapag nagpapasya kung saan iguguhit ang mga linya ng distrito. Ang mga kriterya ng muling pagdidistrito ay isinama sa Props 11 at 20, at inaprubahan ng mga manghahalal ng California. Kapag nagpapasya kung saan iguguhit ang mga linya, kailangang isaalang-alang ng mga Komisyonado ang mga kriteryang ito at tanging ang mga kriterya lamang na ito.

Bilang karagdagan, kailangang isaalang-alang ng Komisyon ang mga kriterya ng nasa ayos ng ranggo, na nangangahulugan na sa kaso ng isang hindi pagkakasunduan sa pagitan ng mga kriterya, kailangan itong mamili na sumunod sa kriterya na may mas mataas na prayoridad. Ang mga kriterya ng muling pagdidistrito para sa Komisyon ay:

1. Sumunod sa Konstitusyon ng Estados Unidos, kasama na ang mga hinihinging magkakapantay na populasyon.
   - Para sa mga Distrito ng US Congressional, ito ay nangangahulugan na mga distritong magkakapantay hanggang maisasagawa
   - Para sa Asembleyo, Senado, at Board of Equalization Districts (Lupon ng mga Distrito ng Pagpapareho), ito ay nangangahulugan na mga distrito na risonableng magkakapantay, maliban lamang kung kinakailangang sumunod sa Voting Rights Act (Batas ng mga Karapatan ng Pagboto).

2. Sumunod sa pampederal na Voting Rights Act (Batas ng mga Karapatan ng Pagboto).

3. Iguhit ang mga distrito na magkakalapit. Ito ay nangangahulugan na ang isang distrito ay nararapat na maging konektado sa lahat ng mga puntos.

4. Igalang ang mga county, mga lungsod, mga komunidad ng interes, at mga purok, kung saan maaari.

5. Iguhit ang mga distrito upang maging masinsin, kung saan maisasagawa. Ang alituntuning ito ay nararapat lamang i-apply pagkatapos na masapatan ang mga mas naunang ibang kriterya.

6. Iguhit ang mga distrito upang magkasya sa isa't-isa, kung saan maisasagawa pagkatapos na makasunod sa mga naunang kriterya. Nangangahulugan iyon na:

   - Ang 1 distrito ng Senado ay naglalaman ng 2 mga distrito ng Asembleyo

- Ang 1 Board of Equalization na distrito ay naglalaman ng 10 mga distrito ng Senado

7. Maaring hindi isaalang-alang ng Komisyon ang isang tirahan ng kasalukuyang nanunungkulan o kandidatong pulitiko sa paggawa ng isang distrito. Ang Komisyon ay hindi guguhit ng mga distrito para sa layunin ng pagbibigay pabor o pagdidiskrimina laban sa isang kasalukuyang nanunungkulan, kandidatong pampulitiko o partido ng pulitiko.

   Tingnan ang Konstitusyon ng California, Artikulo XXI, SEC. 2 (d) para sa buong wika. Wedrawthelines.ca.gov/constitution.

4. **Ano ang Voting Rights Act (Batas ng mga Karapatan ng Pagboto) at bakit ito mahalaga?**

Ang Voting Rights Act ay isang pampederal na batas na nagbabawal ng diskriminasyon sa pagboto. Ipinagbabawal nito ang mga pagsasanay o mga pamamaraan na nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, o estado ng protektadong minoridad na wika. Ang mga grupo ng minoridad na wika na pinoprotektahan ng Voting Rights Act ay ang mga Asyano, Katutubong Alaska, Katutubong Amerikano, at mga grupong pamana ng Kastila. Ipinagbabawal ng Voting Rights Act ang mga plano ng muling pagdidistrito na nagreresulta sa pagkakaroon ng mas kaunting pagkakataon para sa mga miyembro ng isang lahi o protektadong grupo ng minoridad na wika upang makalahok sa pampulitikong proseso at makapaghalal ng mga kinatawan na kanilang pinili.

Para sa isang mas detalyadong paglalarawan ng kung paano nagtatrabaho ang Voting Rights Act, bisitahin ang U.S. Department of Justice sa: http://www.justice.gov/crt/about/vot/redistricting.php.

5. **Ano ang isang Komunidad ng Interes?**

Dinedepinahan ng Konstitusyon ng California ang isang komunidad ng interes bilang:

Ang komunidad ng interes ay isang magkakalapit na populasyon na nakikibahagi sa pangkaraniwang pangsosyal at pang-ekonomikong mga interes na kailangang isama sa nagsosolong distrito para sa mga layunin ng epektibo at makatarungang representasyon. Ang mga halimbawa ng gayong kabahaging mga interes ay iyong mga karaniwan sa isang panglungsod na lugar, pangrural na lugar, isang pang-industriyal na lugar, o sa isang pang-agrikulturang lugar, at iyong karaniwan sa mga lugar na kung saan ang mga tao ay nakikibahagi sa magkaparehong mga pamantayan ng pamumuhay, gumagamit ng magkaparehong mga pasilidad ng transportasyon, may mga magkaparehong oportunidad sa trabaho, o may akses sa magkaparehong mga paraan ng komunikasyon na may kaugnayan sa proseso ng paghahalal. Hindi magsasali ang mga komunidad ng interes ng mga relasyon sa mga partidong pampulitiko, mga kasalukuyang nanunungkulan, o mga kandidatong pampulitiko.

-Seksyon 2(d)(4) of Artikulo XXI ng Konstitusyon ng California

Ito ay talagang nangangahulugan na ang isang komunidad ng interes ay isang grupo ng mga tao sa isang lugar na nakikibahagi sa pangsosyal at pang-ekonomikong mga interes at na dapat panatilihing magkakasama sa isang distrito upang sila ay makakuha ng makatarungan at epektibong representasyon.

Gayunpaman, pansinin, na bagama't dinedepinahan ng batas ang komunidad ng interes nang malawak ito ay HINDI maaring ibatay sa isang relasyon sa isang partidong pampulitiko, kasalukuyang nanunungkulang hinalal na opisyal, o kandidato.

Ito ang dahilan kung bakit kinakailangang makarinig ang Komisyon mula sa publiko. Bagama't ang mga Komisyonado ay nagmula sa iba't-ibang lugar sa buong California, hindi nila nalalaman ang tungkol sa lahat ng mga komunidad ng interes sa estado. Kinakailangan nilang makarinig mula sa inyo kung saan naroroon ang inyong komunidad at kung bakit mahalagang panatilihing magkakasama ito. Kung wala ang impormasyong ito mula sa inyo, hindi malalaman ng Komisyon kung aling mga komunidad ang pananatilihing magkakasama kapag gumuhit ng mga linya.

Paano ako magsasalita tungkol sa aking komunidad?

Kinakailangang malaman ng Komisyon ang tatlong mahahalagang mga bagay mula sa inyo tungkol sa inyong komunidad:

1. Ang pang-ekonomiko at pangsosyal na mga interes na nagbibigkis upang pagsamahin ang inyong komunidad.

2. Kung bakit kailangang panatilihing magkasama ang inyong komunidad para sa makatarungan at epektibong representasyon.
3. Kung saan naroroon ang inyong komunidad

*Karaniwang pangsosyal at pang-ekonomikong mga interes:

Ang karaniwang pangsosyal at pang-ekonomikong mga interes ay maaring labis na mag-iba-iba mula sa bawa't komunidad, kaya nasa sa inyo na para sabihin sa Komisyon kung ano ang mga ito. Maaring kabilang dito ang karaniwang kultura o kasaysayan, karaniwang paggamit ng isang partikular na parke o transportasyon, o isang panglahat na layunin o hangarin, na katulad ng pagbabawas ng krimen o pagkakaroon ng mas maraming mga trabaho at ng pag-unlad.

*Kung bakit kinakailangang panatilihing magkasama ang inyong komunidad:

Kailangan ninyong ilarawan kung bakit kailangang panatilihing magkasama ang inyong komunidad sa isang distrito, na maari ring magsama ng dahilan kung bakit magiging masama para sa inyong komunidad na hatiin sa iba't-ibang mga distrito. Halimbawa, kung ang inyong komunidad ay nagkakaisa upang pabutihin ang pampublikong kaligtasan o mas pagandahin ang pampublikong mga parke, maari mong i-highlight kung paano matutulungan ang inyong mga pagsisikap sa pamamagitan ng pagrerepresenta ng isang kinatawan sa halip na makipagtrabaho sa dalawa (o mas maraming) mga kinatawan kung ang inyong komunidad ay mahati.

*Kung saan naroroon ang inyong komunidad:

Para maisaalang-alang ng Komisyon ang inyong komunidad, KAILANGAN ninyong sabihin dito kung nasaan ang inyong komunidad. Kailangan ninyong sabihin sa Komisyon kung saan ito naroroon (county at/o lungsod) at ilarawan rin ang mga hangganan nito. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga pisikal na mga harang na katulad ng mga kalye, mga ilog, mga himpilan ng militar, o mga shopping mall, at pati na rin sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga ligal na balakid na katulad ng lungsod o mga linya ng county.

Bilang karagdagan, makakatulong rin ng labis na magbigay sa Komisyon ng isang mapa ng kinalalagyan ng inyong komunidad, pati na ang anumang mga palatandaan o mga lugar na natatanging mahalaga sa inyong komunidad.

May ilang mga online software, na katulad ng Google Maps, na nagbibigay ng libre at madaling gamiting paraan ng paglikha ng gayong mga mapa na maari ninyong ipadala ng diretso sa pamamagitan ng e-mail sa Komisyon o ipaskil online para komentahan ng iba. Ang impormasyon tungkol sa paggamit ng

Google Maps upang imapa ang inyong komunidad ng interes ay makukuha sa: www.Maps.Google.com.

Mayroong mas sopistikadong software na hindi lamang nagpapakita ng heograpiya sa inyo, ngunit pati na rin ng impormasyon ng Sensus tungkol sa mga taong nakatira doon. Ang software na ito ay libre, ngunit naroroon para sa publiko sa Redistricting Assistance Sites na ipinagkakaloob ng Redistricting Group sa Berkeley Law.

Kapag nag-iisip tungkol sa inyong katibayan sa Komisyon, makakatulong na ipalagay kung paano ninyo ilalarawan ang inyong komunidad sa isang bisita na tagalabas ng bayan. Maaring pag-usapan ninyo ang tungkol sa uri ng mga tao na nakatira sa inyong kmunidad, mga mahahalagang mga bagay, mga sentrong pangkomunidad, at ang kasaysayan ng inyong komunidad.

HALIMBAWA

Ako ay nakatira sa isang natatanging lugar ng Farmers Branch na tinatawag na Oak Knoll Valley. Ito rin ay isang sertipikadong konseho ng purok. Ang hangganan ng purok ay sa pagitan ng Highway 9 sa kanluran at ng Sunnyside River sa bahaging silangan. Mayroong humigit-kumulang na 8,000 mga naninirahan sa Oak Knoll Valley at ito ay pangunahing isang residensiyal na layunin na may mga bahaging sinona para sa kumersyal at magkahalong layunin lalung-lalo na sa tabi ng ilog.

Ang mga wikang sinasalita sa Oak Knoll Valley ay unang-una Ingles at Ispanyol na may mga ilang residenteng nagsasalita ng Vietnamese at Mandarin. Habang ang karamihan ng mga naninirahan ay lumalabas sa aming komunidad para mamili at magtrabaho, sila ay madalas na nananatili dito para makipagsosyalan, para sa mga relihiyosong aktibidad at para maglibang. Ang Oak Knoll Regional Center ay naghahandog ng iba't-ibang mga aktibidad at isang tunay na sentro ng komunidad.

Sa kabila ng ilog mula sa Oak Knoll Valley ay ang komunidad ng River Glen na katulad rin ng aming komunidad dahil ito ay pangunahing pangresidensiyal. Kami ay nasa sa magkaparehong distrito ng paaralan at ang mataas na paaralan na pinapasukan ng mga istudyante ay River Glen. Mas magiging makatwiran na isama kami sa magkatulad na lehislatibo o distritong Pangkongresyunal.

Sa kabilang panig ng Highway 9 ay ang Gold City na pangunahing isang pang-industriyal at pangkumersyal na lugar. Ang karamihan ng mga naninirahan ay nakatira sa mga gusaling apartment na may maraming mga pamilya at marami

sa kanila ay baguhan sa lugar. Ang Gold City ay bahagi ng isang magkaibang distrito ng paaralan kaysa sa Oak Knoll. Bagama't ang Gold City ay malapit sa Oak Knoll kami ay may mas kaunting pagkakapareho dito kaysa sa River Glen.

6. **Paano ako maaring mapasangkot?**

May tatlong pangunahing mga paraan na kayo ay maaring makapagbigay sa Komisyon ng katibayan:

- **Personal na Pagpunta sa isang Pagdinig ng Input**: Sa tagsibol at tag-init, ang Komisyon ay magdaraos ng mahigit sa 30 mga pagdinig sa buong estado kung saan kayo ay maaring makapagbigay ng inyong katibayan nang nakaharap. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagdinig ng Pampublikong input ay nasa Seksyon 7 ng dokumentong ito. Maari rin itong malaman ng mas higit sa website ng Komisyon sa http://www.wedrawthelines.ca.gov/hearings.html

- **Nang nakasulat**: Maari rin kayong magbigay ng katibayan sa Komisyon nang nakasulat sa mga pagdinig sa publiko, o maari ninyong ipadala ito ng diretso sa Komisyon. Maari kayong magpadala ng impormasyon sa Komisyon sa pamamagitan ng e-mail, koreo at fax:

  votersfirstact@crc.ca.gov

  Citizens Redistricting Komisyon
  1130 K Street, Suite 101
  Sacramento, CA 95814
  Fax: (916) 322-0904

- **Sa pamamagitan ng isang community-based organization (CBO)**: Maraming mga CBO na nakikipagtrabahaho sa mga komunidad at naghaharap ng katibayan sa Komisyon. Magtungo sa: www.RedistrictingCA.org.

7. **Saan Makakakuha ng Tulong para sa Paghahanda ng Inyong Katibayan sa Komisyon**

Ang Redistricting Group sa Berkeley Law ay nagbukas ng anim na Redistricting Assistance Sites sa buong estado kung saan maari kayong makakuha ng tulong sa pagguhit ng mga mapa ng inyong komunidad o sa paggamit ng mga data tungkol sa inyong komunidad**.** Sa Redistricting Assistance Sites, maari pa kayong makagamit ng

isang kompyuter na may espesyal na software para sa muling pagdidistrito nang libre. Sa ibaba ay ang mga lokasyon, mga oras, at impormasyon ng kontak para sa anim na mga sentro:

- **Berkeley:** UC Berkeley Law, 2850 Telegraph Ave, Suite 471, Berkeley, CA 94705-7220
  Tagapamahala: Bb. Tamina Alon, talon@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 3-9pm, Huwebes 3-9pm, Sabado 9am-4pm at sa pamamagitan ng appointment

- **Sacramento:** Sentral na Aklatan, 2nd Fl. Conference Rm., 828 I St., Sacramento, CA 95814
  Tagapamahala: Bb. Robin Evans, raevans@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 2-8pm, Huwebes 2-8, pm, Sabado 10am-5pm at sa pamamagitan ng appointment

- **Fresno:** 1713 Tulare St, Suite 130, Fresno, CA 93721
  Tagapamahala: G. Troy Mattson, tmattson@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 3-9pm, Huwebes 3-9pm, Sabado 9am-4pm at sa pamamagitan ng appointment

- **Los Angeles:** 3167 #F, South Hoover St, Los Angeles, CA 90007
  Tagapamahala: G. Richard Yarnes, rdyarnes@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 3-9pm, Huwebes 3-9pm, Sabado 9am-4pm at sa pamamagitan ng appointment

- **San Bernardino:** 475A S. Arrowhead Ave**,** San Bernardino, CA, 92408
  Tagapamahala: G. John Lavallee, jlavallee@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 3-9pm, Thur 3-9pm, Sat 9am-4pm and by appointment

- **San Diego**: 588 Euclid Ave. , San Diego, CA 92114
  Tagapamahala**:** G. Thomas McDowell, thominsd@law.berkeley.edu
  Mga Oras: Miyerkules 3-9pm, Huwebes 3-9pm, Sabado 9am-4pm at sa pamamagitan ng appointment

Bilang karagdagan, ang Advancement Project ay bumubuo ng libreng online na software na maari ninyong magamit upang mas higit na malaman ang tungkol sa at para imapa ang inyong komunidad: www.ReDrawCA.org. (magagamit sa ika-15 ng Abril)

Para sa isang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon na ibinibigay ng iba't-ibang mga grupo, bisitahin ang www.RedistrictingCA.org.

8. **Iskedyul ng Pagdinig sa Publiko**

Sa panahon ng Tagsibol at Tag-init, ang Komisyon ay magdaraos ng maraming mga pagdinig sa publiko sa paligid ng estado upang makatanggap ng input sa publiko. Para sa ganap na pinakabagong iskedyul ng mga petsa ng pagdinig at mga lokasyon, at para rin makita ang anumang iminungkahing mga mapa ng mga distrito, pakibisita lamang ang www.wedrawthelines.ca.gov/hearings.html

Abril–Mayo 2011: Pre-map ang mga Pagdinig ng Input
Bago iguhit ng Komisyon ang mga plano ng mapa, ito ay magdaraos ng mga pagdinig sa paligid ng estado upang makatanggap ng input mula sa publiko. Sa isang pagdinig, maari kanyong makipag-usap sa mga Komisyonado tungkol sa mga paksang katulad ng inyong komunidad ng interes, purok, lungsod, county, o ano mang mga lugar na nais ninyong makitang isali sa inyong distrito.

Hunyo 10, 2011: Iminungkahing petsa para ipaskil ng Komisyon ang unang plano ng mga mapa*
Pagkatapos na isaalang-alang ang input ng publiko, ang Komisyon ay guguhit ng plano at ipapaskil sa publiko ang una nitong mga plano ng mapa para sa Pangkongresyunal, Panglupon ng Estado ng Pagpapareho (State Board of Equalization), Pangsenado ng Estado, at Pang-Asembleyo ng Estadong mga distrito.

Hunyo 2011: Mga Pagdinig sa Input para sa Plano ng Mapa
Pagkatapos na ipaskil ng Komisyon ang unang plano ng mga mapa ng distrito, ito ay magdaraos ng mga pagdinig sa paligid ng estado upang makarinig mula sa publiko. Maari kayong makipag-usap sa Komisyon tungkol sa mga planong distrito, katulad ng kung paano makakaapekto ang bagong mga distrito sa inyong komunidad.

Hulyo 1, 2011: Iminungkahing petsa para ipaskil ng Komisyon ang ikalawang plano ng mga mapa. *
Pagkatapos na isaalang-alang ang input ng publiko, maaring baguhin ng Komisyon ang mga distrito at magbibigay ng isang ikalawang set ng planong mga mapa ng distrito sa publiko**.**

Hulyo 2011: Ikalawang mga Pagdinig ng Input ukol sa Plano ng Mapa
Pagkatapos na ipaskil ang ikalawang plano ng mga mapa, ang Komisyon ay magdaraos ng maraming mga pagdinig upang kumuha ng karagdagang input mula sa publiko. Ang mga lokasyon ng mga pagdinig na ito ay aalamin batay sa pangangailangan.

Hulyo 26, 2011: Iminungkahing petsa para ipaskil ng Komisyon ang huling mga mapa*

Agosto 15, 2011: Huling araw para aprubahan ng Komisyon ang huling mga mapa
Upang maaprubahan at mapagtibay ang mga mapa ng distrito para sa Kongreso, Estado ng Lupon ng Pagpapareho (State Board of Equalization), Senado ng Estado, at Asembleyo ng Estado, ang Komisyon ay kailangang bumoto upang maaprubahan ang mga ito. Upang

gawin ito, ang mga mapa ay kailangang magkaroon ng apirmatibong mga boto na kahit na 3 sa 5 man lamang na mga Komisyonado nito, kahit na 3 sa 5 man lamang na mga Republikanong Komisyonado, at kahit na 3 sa 4 man lamang na Tumanggi-Sa-Estadong mga Komisyonado.

**Ang mga ito ay iminungkahing mga petsa at maaring magbago. Pakitingnan ang www.wedrawthelines.ca.gov para sa pinakabagong mga iskedyul, mga lugar ng pagpupulong, mga adyenda, at iba pang impormasyon.*

9. **Mga Bagay na Madalas Itanong**

Q. Gaano karaming mga miyembro ng Komisyon ang naroon?

A. Ang Komisyon ay may 14 na mga miyembro mula sa iba't-ibang etniko, heograpiko, kasarian, at pang-ekonomikong pinagmulan. Sa ilalim ng batas, ang Komisyon ay dapat na magsama ng limang mga Demokratiko, limang mga Republikano, at apat mula sa ni alin man sa dalawang pangunahing mga partidong pampulitiko.

Q. Ano ang proseso sa pagiging isang miyembro ng Komisyon?

A. Nang magkaroon ng mga aplikasyon, 30,000 interesadong mga partido ang nagsumite ng kanilang mga aplikasyon online. Ang mga aplikante na nagpatibay sa kanilang mga aplikasyon na kanilang natugunan ang lahat ng mga kuwalipikasyon ng batas para sa pagsisilbi sa Komisyon at hindi nagkaroon ng isang "kasalungat na interes" ("conflict of interest") ay inanyayahang magsumite ng isang suplementong aplikasyon na kung saan sumagot sila ng mga tanong sa sanaysay na nagbigay ng ideya tungkol sa kanilang pamprupesyunal na karanasan, kaalaman tungkol sa pagkakaiba-iba ng tao sa California, at ng kanilang mga dahilan sa pagnanais na magsilbi sa Komisyon.

Q. Paano pinili ang mga miyembro ng Komisyon pagkatapos na isara ang panahon ng aplikasyon?

Tatlong mga tagasuri (auditor) mula sa Bureau of State Audits ang nagrepaso ng mga aplikasyon ng lahat ng mga aplikante na walang kasalungat na interes at nagsumite ng suplementong aplikasyon. Pagkatapos ang mga tagasuri ay pumili ng 120 na pinaka-kuwalipikadong mga aplikante para kapanayamin sa Sacramento. Ang 120 mga aplikante ay hinati sa 3 mga sub-pool: 40 mga Demokratiko, 40 mga Republikano, at 40 na hindi kaanib sa alinman sa dalawang pangunahing mga partidong pampulitiko.

Kasunod ng mga pakikipanayam, ang kabuuang pool ay binawasan ng 60, na muling may magkatumbas na mga sub-pool. Ang 60 mga pangalan ay ipinadala sa pamumuno ng dalawang mga bahay ng Lehislatura, kung saan ang mga pinuno ay gumaganap ng kanilang karapatan sa ilalim ng Batas na magtanggal ng hanggang 24 na mga aplikante mula sa pool.

Noong Nobyembre 18, 2010, ang Tagasuri ng Estado ay sapalarang bumunot ng mga pangalan ng 3 mga Demokratiko, 3 mga Republikano at 2 Tumanggi sa Estadong mga aplikante, at sila ang naging unang 8 mga miyembro ng Komisyon. Pagkatapos, noong Disyembre 15, 2010, ang unang 8 mga Komisyonado ay pumili ng huling 6 na mga Komisyonado, na pumili ng 2 mga Demokratiko, 2 mga Republikano at 2 Tumanggi sa Estado.

Q. Binabayaran ba ang mga miyembro ng Komisyon?

Oo, tinagubilin ng batas na ang mga miyembro ng Komisyon ay bayaran sa halagang $300 para sa bawa't araw na ang isang Komisyonado ay maging okupado sa tungkulin ng Komisyon. Ito rin ay nagpapahintulot ng pagbabayad para sa pampersonal na mga gastos na magagastang kaugnay sa mga tungkulin na hinihingi sa mga Komisyonado.

Q Gaano katagal magsisilbi ang mga miyembro ng Komisyon?

Sinasabi ng batas na ang Komisyon ay magsisilbi ng 10 taon. Gayunpaman, ang karamihan ng trabaho na gagampanan ng mga Komisyonado ay dapat na matapos sa oras na kanilang aprubahan ang mga mapa ng mga bagong distrito, na kinakailangan sa Agosto 15,2011.

Q **Ano ang pagkakaiba ng muling pagbabahagi (reapportionment) sa muling pagdidistrito (redistricting)?**

Ang muling pagbabahagi ay ang Pangkonstitusyonal na hinihinging proseso na kung saan ang mga puwesto sa US House of Representatives ay muling ipinamamahagi sa 50 mga estado pagkatapos ng Sensus na nangyayari bawa't sampung taon. Ang muling pagdidistrito ay ang proseso ng pagguhit ng mga linya upang pagtumbasin ang mga populasyon na nangangahulugan ng pagpapalit ng mga hangganan tuwing sampung taon.

Q. Bakit kailangang magtiwala ang mga taga-California na ang 14 na mga Komisyonadong hindi inihalal at kung kaya hindi mananagot sa mga manghahalal ay makagagawa ng mga hangganan na nasa pinakamabuting mga interes ng mga manghahalal?

Ang mga manghahalal mismo ang nag-alis ng trabaho ng muling pagdidistrito sa mga kamay ng mga inihalal na Mambabatas. Ang mga manghahalal ang nagpasimula ng isang bagong proseso ng pagpili ng 14 na mga mamamayan na may sari-saring mga pinagmulan, mga kakayahan at mula sa iba't-ibang mga heograpikong lugar upang gumuhit ng mga hangganan ng distrito batay sa mga kriterya na dinisenyo upang mapangalagaan ang mga komunidad ng interes.

Q. Hindi ba magtatrabaho ang mga mambabatas sa likuran ng eksena para maimpluwensiyahan ang mga Komisyonado at makakuha ng kontrol sa proseso ng muling pagdidistrito?

Ang batas ay napakaliwanag na walang hindi pampublikong komunikasyon ang maaring maganap sa pagitan ng mga mambabatas at mga Komisyonado tungkol sa isyu ng muling pagdidistrito. Anumang komenta mula sa mga mambabatas ay kailangang maganap sa isang pampublikong pagpupulong ng Komisyon – kagaya ng sinumang mamamayan.

Q. Hinihingi ba ng batas na maging mas kumpetitibo ang mga distrito, sa halip na dinodominado ng isang partidong pampulitiko?

Hindi. Ang pagiging kumpetitibo ng distrito ay wala sa listahan ng mga kriterya na kailangang isaalang-alang ng Komisyon kapag gumuguhit ng mga distrito.

Q. Hindi ba maaring gawin ang buong prosesong ito sa pamamagitan ng isang programa ng kompyuter?

A: Ang Komisyon ay umaasa sa aktibong partisipasyon ng mga mamamayan sa buong California upang manimbang kung paano nararapat na iguhit ang mga distrito, dahil ang impormasyon tungkol sa "mga komunidad ng interes" ay hindi kinokolekta sa Sensus. Ito ay bukas na pakikipag-usap na makakatulong sa Komisyon sa pagsusuri ng mamamayan at pagsasagawa ng responsableng pagpapasya tungkol sa kung paano dapat magmukha ang mga distrito – ang isang kompyuter ay hindi makagagawa noon.

Q: Ano ang pagkakaiba ng trabaho ng Komisyon sa kung ano na ang nagawa noong nakaraan?

Sa kasaysayan, ang lehislatura ng California ay gumuhit ng mga hangganan ng distrito, pati na para sa kanilang sariling mga distrito. Ang Komisyong ito ay independente sa lehislatura at nakapangako sa pagsasali ng mga boses ng lahat ng mga taga-California sa proseso.

Q. Ano ang mangyayari kung ang Komisyon ay hindi magkakasundo sa huling mga mapa ng muling pagdidistrito?

Sa hindi malamang na senaryong ang Komisyon ay hindi magkasundo sa huling mga hangganan ng distrito, ang bagay ay pupunta ng diretso sa Kataas-taasang Korte ng California na magtatakda ng tatlong mga dalubhasa upang gumuhit ng mga linya.

Q. Anong mangyayari kung magkaroon ng isang ligal na paghamon sa mga mapa ng distrito na pinagtibay ng Komisyon?

Anumang ligal na paghamon sa mga bagong distrito ay pupunta ng diretso sa Kataas-taasang Korte ng California para sa pagrerepaso.

10. **Sinu-sino ang mga Komisyonado?**

MGA TALAMBUHAY

Si Dr. Gabino Aguirre ay nagmula sa mga manggagawa sa bukid na magulang at ginugol niya ang kanyang pagkabata sa pagsunod sa mga pagpapalit-palitan ng mga pananim mula sa Texas hanggang sa Oregon, California at pagkatapos ay sa Arizona. Pagkatapos na makapagtapos ng high school sa Arizona, iniwanan niya ang kanyang pamilya upang magtungo sa California. Hindi pa nagtatagal pagkatapos noon, siya ay tinawagan sa pagsusundalo sa hukbo kung saan siya ay naglinkod bilang isang teknikal na ispesyalista na nagtatrabaho sa mga kompyuter at pag-iiksperimento ng mga sandata na nauugnay sa panahon ng labanan sa Vietnam. Kasunod ng kanyang pagseserbisyo siya ay nagparehistro sa kolehiyo at umani ng isang Batchelor's degree mula sa UCLA, isang Master's sa Edukasyon mula sa USC, at isang Ph.D. sa Social Science/Comparative Education mula sa UCLA. Ang kanyang karera sa edukasyon ay tumagal ng tatlumpung-taon at nagretiro siya bilang isang punong-guro sa mataas na paaralan noong 2007. Iniukol ni Dr. Aguirre ang kanyang sarili sa pagpapaunlad at pagbibigay-lakas sa komunidad nang mahigit sa apat na taon at itinatag at/o nagsilbi bilang isang miyembro sa maraming mga organisasyong nakabatay sa komunidad. Siya ay nagsilbi sa konseho ng Lungsod

ng Santa Paula mula sa kanyang pagkahalal noong 2002. Si Komisyoner Aguirre ay rehistrado sa Partido Demokratiko at nakatira sa Lungsod ng Santa Paula sa County ng Ventura.

Si Angelo Ancheta ay isang propesor ng batas at ligal na iskolar na ang mga sinusulat ay nakatuon sa mga bagay na pumapalibot sa diskriminasyong panlahi at mga karapatan ng mga imigrante. Siya ang direktor ng Katharine & George Alexander Community Law Center sa Santa Clara University School of Law. Bago sumali sa mga propesor ng batas sa Santa Clara, si Komisyoner Ancheta ay isang lektiyurer sa Harvard Law School, isang karagdagang propesor sa NYU School of Law, at nagturo sa UCLA School of Law. Bago siya nagsimula sa kanyang karerang pang-akademiko, si Komisyoner Ancheta ay isang ehekutibong direktor ng mga ligal na serbisyo at nonprofit sa Hilaga at Timog California, na nagpakadalubhasa sa imigrasyon, mga karapatan sa pagboto, at pangkonstitusyunal na batas. Siya ay humahawak ng digri mula sa UCLA, UCLA School of Law, at sa Harvard University's Kennedy School of Government. Si Komisyoner Ancheta ay rehistrado sa Partidong Demokratiko at nakatira sa Lungsod at County ng San Francisco.

Si Vince Barabba ay nagtatag ng Market Insight Corporation noong 2003. Ang Market Insight Corporation ay nagbibigay ng tunay na panahon para sa mga preperensiya ng mga mamimili online upang matulungan ang mga kumpanya at mas mabuting marating ang kanilang mga tinatarget na mga manonood. Siya ay nagbibigay ng pamamatnubay sa negosyo habang sinusubaybayan nito ang mga preperensiya ng mga mamimili sa pamamagitan ng isang consumer Web site na tinatawag na MyProductAdvisor.com. Kasama sa kanyang karera ang dalawang takda bilang direktor ng U.S. Census Bureau, na may mga paghirang mula sa parehong Pangulo Nixon at Ford at pagkatapos ay hinilingan siya ni Pangulong Carter na mangasiwa sa pagsasagawa ng 1980 Sensus. Si Ginoong Barabba ay nakatanggap ng Batchelor's degree sa Business Administration mula sa Woodbury Business College, isang Batchelor's degree sa Marketing mula sa California State University, Northridge at isang MBA mula sa UCLA. Si Komisyoner Barabba ay rehistrado sa Partidong Republikano at nakatira sa Lungsod ng Capitola sa County ng Santa Cruz.

Si Maria Blanco ang Bise-Presidente ng Civic Engagement for the California Community Foundation. Ang CCF-LA ang pundasyon ng komunidad para sa lungsod ng Los Angeles. Ang layunin ng California Community Foundation ay ang palakasin ang mga komunidad at makapagtatag ng isang mas mabuting hinaharap para sa County ng Los Angeles. Nilalayon nitong pabutihin ang buhay para sa lahat ng mga residente, lalung-lalo na para doon sa pinakamahina; itaguyod ang pilantropya at makipagtrabaho sa iba upang matugunan ang pinakapunong mga sanhi ng problema na nakaharap sa Los Angeles. Bago naging Bise-Presidente sa CCF, si Binibing Blanco ay Ehekutibong Direktor sa Earl Warren Institute sa UC Berkeley's School of Law. Siya ay humahawak ng isang digri sa batas mula sa UC Berkeley's School of Law at isang BA mula sa UC Berkeley. Si Komisyoner Blanco ay rehistrado sa Partido Demokratiko at nakatira sa Lungsod at County ng Los Angeles.

Si Cynthia Dai ay isang katutubo ng California, ikalawang-henerasyong Asyano-Amerikano at nagtrabaho at nanirahan sa iba't-ibang mga bansa sa buong mundo. Bilang isang CEO ng Dainamic Consulting, Inc., si Bb. Dai ay nagpayo sa mga lumalaking organisasyon at mga pangsosyal na pakikipagsapalaran para sa mga 18+ na mga tao at kadalasang nagsisilbi bilang isang pansamantalang ehekutibo ng parehong nasa maagang yugto at pampublikong mga pakikipagsapalaran. Si Bb. Dai ay may MBA mula sa Stanford Graduate School of Business at isang B.S. sa Electrical Engineering at Computer Science na may mga honor mula sa UC

Berkeley. Isang Industry Fellow sa Center for Entrepreneurship and Technology sa UC Berkeley's College of Engineering, siya ay nakapagturo ng mga kurso sa Leadership o Pamumuno, Teamwork o Pagtutulungan ng Magkakasama, at Pagnenegosyo sa Cal at sa Tsinghua-Berkeley Global Technology Entrepreneurship Program sa Beijing, Tsina. Siya ay aktibo sa komunidad bilang isang volunteer at kasalukuyang nagsisilbi bilang isang miyembro ng Lupon ng Santa Clara University's Center for Science, Technology and Society. Si Komisyoner Dai ay rehistrado sa Partido Demokratiko at nakatira sa Lungsod at County ng San Francisco.

Si Michelle DiGuilio, isang katutubo ng California, ay naggugol ng nakaraang labindalawang taon sa pagtatrabahong kasama ng maraming mga ahensiya sa Central Valley. Si Bb. DiGuilio ay nakatulong sa mga non-profit organization sa kanilang mga pagsisikap sa estratehikong pagpaplano, pagpapaunlad ng lupon at sa pag-i-streamline ng mga panloob na polisa. Siya ay nag-facilitate ng mga pangrehiyonal na pagtatalakay na kasama ng mga grupo sa buong Central Valley; nagsilbi bilang isang administradora para sa isang California Council for the Humanities na proyekto at bilang isang koordinator ng pagsasanay sa University of the Pacific. Sa kasalukuyan, sa Bb. DiGuilio ay nagpasyang manatili sa tahanan bilang isang ina, na nagpapahintulot sa kanya na makilahok sa pampamilya at pangkomunidad na mga aktibidad. Siya ay nakatanggap ng isang Batchelor’s degree mula sa Unibersidad ng California, San Diego at isang Master’s degree sa Pagpaplano ng Komunidad (Panglungsod at Rehiyonal) mula sa Unibersidad ng Cincinnati. Si Komisyoner DiGuilio ay rehistrado bilang Tumanggi sa Estado (Decline-To-State) at nakatira sa Lungsod ng Stockton sa County ng San Joaquin.

Si Jodie Filkins Webber ay isang nagtatrabaho para sa sarili na abogado, na nagsasanay ng batas sa County ng Orange. Si Bb. Filkins Webber ay isang tagapagtanggol na abugado ng seguro na kumakatawan sa iba’t-ibang mga kumpanya ng seguro, mga kumpanya ng pag-aayos at sariling nakasegurong mga tagapag-empleyo na nagtatanggol sa mga paghahabol para sa workers' compensation benefits at pampersonal na pinsala. Siya rin ay nagpakadalubhasa sa pagbibigay ng ligal na mga opinion tungkol sa iba’t-ibang mga bagay na nauukol sa saklaw ng seguro. Si Bb. Filkins Webber ay nagpapraktis sa lahat ng mga Korte sa Timog California at Workers Compensation Appeals' Boards. Si Bb. Filkins Webber ay tumanggap ng isang Batchelor’s degree mula sa UC Riverside at isang degree sa batas mula sa Whittier Law School, dating Whitter College School of Law. Si Bb. Filkins Webber ay nakapanirahan na sa buong Timog California pati na sa Los Angeles at Lake Forest. Si Komisyoner Filkins Webber ay rehistrado sa Partido Republikano at nakatira sa Lungsod ng Norco sa County ng Riverside.

Si Stanley Forbes ay kasamang nagmamay-ari ng Avid Reader, isang independenteng retail na tindahan ng aklat. Dito siya ang namimili ng mga paninda, nagbebenta at nagtitinda ng mga aklat, nagbibigay ng serbisyo sa kustomer at nangangasiwa sa pampinansiyal na mga bagay. Si G. Forbes ay naggugol rin ng huling 32 taon sa pagpapatakbo ng isang pampamilyang rantso, nangansiwa sa pamimili ng pananim, pananaliksis sa pamilihan, pampinansiyal na pagpaplano, pagpapatakbo ng kagamitan, patubig, pagsunod sa regulasyon ng kimiko at kalidad ng hangin, pagpuputol at pagkakalaykay ng mga almendras. Si G. Forbes ay tumanggap ng isang Batchelor’s degree mula sa Unibersidad ng Timog California, isang Master's degree mula sa UCLA, at isang Law Degree mula sa Vanderbilt University. Si G. Forbes ay rehistrado sa Tumanggi sa Estado (Decline-To-State) at nakatira sa Esparto sa County ngYolo.

Si Connie Galambos Malloy ay nagtatrabaho sa Urban Habitat (UH), isang organisasyon ng pagpaplano para sa rehiyonal na lungsod at polisa. Si Bb. Galambos Malloy ay isang miyembro

ng Pangkat na Tagapamahala, na may katungkulan para sa pangangasiwa at pagsusuri ng mga kawani, pagpapaunlad ng organisasyon, estratehikong pagpaplano at pamamahala ng programa, paggawa ng koalisyon, analisis ng polisa, pagtitipon ng pondo, pamamahala ng badyet, at gumaganap rin bilang tagapagsalita ng organisasyon. Siya rin ay instrumental sa paglulunsad ng signature Boards and Commision's Leadership Institute ng UH. Dati, si Bb. Galambos Malloy ay nagsilbi bilang isang U.S. Department of Housing and Urban Development Fellow, Koordinator ng Programa para sa Redefining Progress at isang Peace Corps volunteer sa Amazon Basin ng Bolivia. Siya ay isang tagapagtatag na miyembro ng lupon ng AFAAD: Adopted & Fostered Adults of the African Diaspora. Si Bb. Galambos Malloy ay tumanggap ng isang Batchelor's degree mula sa Unibersidad ng La Sierra at isang Master's degree sa City and Regional Planning mula sa UC Berkeley. Si Bb. Galambos Malloy ay rehistrado bilang Tumanggi sa Estado (Decline-To-State) at nakatira sa Lungsod ng Oakland sa County ng Alameda.

Si Gil Ontai ay isang nagpapraktis na arkitekto at part-time na lektyurer sa Springfield College. Siya ay nagsilbi bilang isang direktor ng lupon ng muling pagpapaunlad ng lungsod para sa distrito ng downtown ng San Diego at bilang isang Komisyonado ng pagpaplano sa lungsod nang 8 taon. Sa mahigit na 30 taon, siya ay naging aktibo sa napakaraming pampropesyunal, pang-edukasyon, pangkalusugan, pangsibiko, at pangmultikultural na mga organisasyon. Siya ay isang boluntaryong miyembro ng lupon ng Pacific American Academy Charter School at Neighborhood House Association. Si G. Ontai ay nakatapos na may isang Bachelor's degree mula sa Unibersidad ng Hawaii at nagpatuloy upang tumanggap ng kanyang Master's degree mula sa Unibersidad ng Washington sa St. Louis. Si Komisyoner Ontai ay rehistrado sa Partido Republikano at nakatira sa Lungsod at County ng San Diego.

Si M. Andre Parvenu ay isang heograpo, tagapagplano ng lungsod, at ispesyalista sa pag-aabot-kamay sa komunidad, at kasalukuyang isang Zoning Analyst sa Los Angeles Department of City Planning. Kabilang sa kanyang mga naunang karanasan ay ang Nakatataas na Opisyal ng Komunikasyon para sa Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority at Tagapamahala ng Pagpaplano ng Transportasyon para sa Departmento ng Transportasyon ng Los Angeles. Si G. Parvenu ay nagtrabaho rin bilang isang Ispesyalista sa Pagsasamahan ng Komunidad (Community Partnership Specialist) sa United States Census Bureau, isang Tagapagplano ng Paglilipat para sa Krisis sa Federal Emergency Management Agency, at isang ispesyalista ng migrasyon sa United Nations High Commissioner for Refugees sa Sentral Amerika. Si G. Parvenu ay tumanggap ng isang Master of Science Degree sa Heograpiya mula sa Unibersidad ng Wisconsin-Madison, at nakatapos ng undergraduate work sa heograpiya, kartograpya, at mga pag-aaral ukol sa lungsod sa Morgan State University sa Baltimore, Maryland at Howard University sa Washington, D.C. Si Komisyoner Parvenu ay rehistrado bilang isang Tumanggi sa Estado (Decline-to-State) at nakatira sa Lungsod ng Culver sa County ng Los Angeles.

Si Jeanne Raya ay inempleyo ng John L Raya Insurance Agency, isang negosyong pag-aari ng pamilya na itinatag sa San Gabriel noong 1960. Sa kasalukuyan, siya ang Prinsipal ng Ahensiya, na may katungkulan para sa pagtitinda ng pangkumersyal na seguro, pagkokonsulta sa pamamahala ng panganib, at pangangasiwa ng panglabas na mga relasyon sa ibang mga carrier at pangregulatoryong mga ahensiya. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, Ang Ahensya ay nakagawa ng kadalubhasaan sa pakikipagtrabaho sa mga non-profit organization at mga pasilidad na pangmedikal. Si Bb. Raya ay tumanggap ng isang Bachelor's Degree at mga Kredensiyal sa Pagtuturo mula sa Unibersidad ng Timog California, at isang Digri sa Batas mula

sa UC Davis. Siya ay nagsilbi bilang tagapagpayo sa mga kawani para sa Lupon ng Pagpapareho (Board of Equalization) at sa Public Employment Relations Board. Nagpraktis ng pribadong abogasya nang 14 na taon, si Bb. Raya ay nagpakadalubhasa sa Batas Pampamilya at Probate. Siya ay nagsilbi bilang Pangulo ng California La Raza Lawyers Association, bilang isang miyembro ng Komite ng mga Iksaminador ng Bar at bilang Pangulo ng San Gabriel Chamber of Commerce. Si Bb. Raya ay isang rehistradong Demokratiko at nakatira sa Lungsod ng San Gabriel sa County ng Los Angeles.

Si Dr. Michael Ward ay parehong miyembro ng ACA at ng CCA ng Doctor of Chiropractic and Sports Medicine sa Fullerton mula pa noong 2005. Siya ay nagpakadalubhasa sa myoneural na medisina na natatanging itinalaga bilang isang Rehistradong Trigenics na Manggagamot. Si Dr. Ward ay nagtuturo rin ng anatomya at pisyolohiya sa Marston Polygraph Academy at isang APA at CAPE na sertipikadong polygrapher. Si Dr. Ward ay isang Pederal na Ahente na respnsable sa pang-internasyunal na kriminal, mga narkotiko at kontra-intelihensiyang mga imbestigasyon at naging bahagi ng pangkat na tumugon sa pag-atake ng terorista ng 9/11 sa Pentagon. Siya rin ang namahala sa establishment at pang-araw-araw na mga operasyon ng isang Global Threat Watch Headquarters para sa Department of Defense. Si Dr. Ward ay isang kapuri-puring beteranong militar na nagsilbi bilang isang dekoradong opisyal sa U.S. Air Force. Si Dr. Ward ay isang honors graduate mula sa California State University Fullerton na may isang Bachelor's degree sa Komunikasyon. Pagkatapos ay nakamit niya ang isang Doctorate sa Chiropractic Medicine ng may mga parangal mula sa Southern California University of Health Sciences. Si Komisyoner Ward ay rehistrado sa Partido Republikano at nakatira sa Lungsod ng Anaheim sa County ng Orange.

Si Peter Yao ay nagsilbi ng dalawang panahon sa Konseho ng Lungsod para sa Lungsod ng Claremont na nagtapos noong 2010. Siya ang Alkalde ng lungsod noong 2006 at 2007. Sa panahon ng kanyang panunungkulan, ang Lungsod ay gumawa ng isang kasunduan batay sa Pangkalahatang Plano ng lungsod na pinaninindigan ng Lungsod bilang patnubay para sa pangmatagalang panahong pagpapaunlad ng pangkabuhayn at para sa mga prayoridad sa badyet. Siya ang nagtaguyod para sa pagbubuo ng unang makakayanang pabahay sa mayamang komunidad na ito bilang paghahangad sa pagkakaiba-iba ng pangkabuhayan. Si G. Yao ay nagsimula ng kanyang pampropesyunal na karera bilang isang tagadisenyo ng circuit. Ang kanyang huling posisyon sa Raytheon Corporation ay Direktor ng Pag-iiininhiyero. Siya ay nagretiro noong 2005. Si G. Yao ay tumanggap ng isang BS Electrical Engineering mula sa UC Berkeley. Siya ay nakatanggap ng isang MSEE mula sa State University ng New York sa Buffalo, isang MBA mula sa California State University sa Fullerton at isang Masters sa Management mula sa Claremont Graduate University's Drucker School of Management. Si Komisyoner Yao ay rehistrado sa Partido Republikano at nakatira sa Lungsod ng Claremont sa County ng Los Angeles.

11. Mga Espesyal na Pasasalamat

Mga espesyal na pasasalamat sa Common Cause, RedistrictingCA, at sa Chief Justice Earl Warren Institute on Law & Social Policy, Unibersidad ng California, Berkeley School of Law para sa pagbibigay ng payo at tulong sa pagbubuo ng Toolkit na ito.